IGNATIAN
INTERNATIONAL JOURNAL FOR MULTIDISCIPLINARY RESEARCH
www.icceph.com
ISSN 2984-9942

PAGSUSURI SA AKDANG *'WIKA BILANG KASANGKAPANG PANLIPUNAN: WIKANG PAMBANSA TUNGO SA PANGKAISIPAN AT PANG-EKONOMIKONG KAUNLARAN'* NI PAMELA CONSTANTINO AT PAG-UUGNAY NG KAISIPAN NITO SA PAMAMAHALANG PANGWIKA SA PILIPINAS

Marjorie R. Torres

Graduate School, Polytechnic University of the Philippines,
Manila City, Philippines

ABSTRACT

Ang usapin ng pagpaplanong pangwika sa isang lipunan ay mahalaga dahil ito ang nagtatakda sa kung anong wika ang dapat na gamitin ng mga taong kabilang dito. Mainam na sa pagsasagawa ng mga batas, kautusan, at memorandum ay nakaangkla ito sa tunay na pangangailangan ng mamamayan. Kaya may ilang mga mananaliksik at manunulat ang bumuo ng mga pag-aaral at artikulo na magbibigay-linaw sa mga bagay na may kinalaman sa pagpaplanong pangwika sa Pilipinas. Naging pokus ng pananaliksik na ito, na naisakatuparan noong Marso 2026, ang akdang "Wika Bilang Kasangkapang Panlipunan: Wikang Pambansa Tungo sa Pangkaisipan at Pang-ekonomikong Kaunlaran" na isinulat ni Pamela Constantino noong 1996 na may kaugnayan sa usapin ng pagpaplanong pangwika sa bansa. Sinagot ang sumusunod na tanong sa papel na ito: (a) anong pangkabuoang kaisipan at rekomendasyon hinggil sa pagpaplanong pangwika ang inilatag ni Pamela Constantino sa kaniyang akdang *"Wika bilang Kasangkapang Panlipunan: Wikang Pambansa tungo sa Pangkaisipan at Pang-ekonomikong Kaunlaran"* (1996)?; (b) ano ang naging pagsusuri at interpretasyon ng mananaliksik sa pangkabuoang kaisipan at rekomendasyong ito?; at (c) paano naiuugnay ang pangkabuoang kaisipan at rekomendasyong ito sa aktuwal na pamamahalang pangwika (gaya ng pagsasabatas, paglalabas ng mga memorandum at kautusan) noong 1996 kung kailan nailathala ang akda?. Para maisagawa ito, isinaalang-alang ng mananaliksik ang document analysis – pagsusuri sa mismong akda at pagsipat sa mga naging batas/memorandum/kautusan at iba pang katulad na nakatuon sa usapin ng pamamahalang pangwika sa Pilipinas.

Keywords: *pagpaplanong pangwika, pamamahalang pangwika, wikang Filipino, wikang pambansa, batas pangwika*

INTRODUKSYON

Napakahalaga ng pagpaplanong pangwika sa lipunan dahil ito ang nagtatakda sa isang partikular na wika na dapat na gamitin ng mga taong kabilang sa iisang komunidad upang madaling maganap ang proseso ng komunikasyon at pag-unawa. Kapag may malinaw itong naisagawa, mas maraming layunin at hangarin ang maisasakatuparan na maaaring magdulot ng mas mapayapa at mas maunlad na lipunan.

Binigyang-pagpapakahulugan nina Rubin at Jernudd (1971) na mula naman sa aklat ni Cooper (1989) ang pagpaplanong pangwika bilang: "…pagbabago sa sistema ng pananalita at/o koda na pinapaplano ng mga organisasyong naitatag para sa layuning ito. Nakatuon ang pagpaplanong pangwika sa paglutas ng mga problemang pangwika at mahanap ang pinakamainam na desisyon para rito." (salin ng mananaliksik). Malinaw sa pagpapakahulugan nito na ang pagpaplanong pangwika ay isang instrumento na maaaring magamit ng anumang bansa para sa pagkakaroon ng mas sistematiko at mas maayos na usaping pangwika.

Bukod dito, itinalata ni Hornberger (2006) sa kaniyang aklat ang pagpapakahulugan ni Haugen sa pagpaplanong pangwika. Binanggit na:

> *"By language planning, I understand the activity of preparing a normative orthography, grammar, and dictionary for the guidance of writers and speakers in a non-homogenous speech community. In this practical application of linguistic knowledge, we are proceeding beyond descriptive linguistics into an area where judgment must be exercised in the form of choices among available linguistic forms."* (Haugen, 1959, p. 8)

Sinasabing ang pagpaplanong pangwika ay hindi lamang isang teoretikal na gawain ngunit isa ring praktikal na proseso ng paggawa ng mga desisyon at polisiyang dapat gamitin at sundin ng isang lingguwistikong komunidad kaya madalas ay nagkakaroon ng tensyon sa pagitan ng dalawa (Hornberger, 2006). Nangangahulugan lamang na sa pagpaplanong pangwika, mas binibigyang-pansin ang aktuwal na kalagayan ng mga komunidad kung saan isasakatuparan ang mga pagpaplano at polisiyang ito upang ganap na makamit ang layunin ng pagkakaunawaan ng mga tao, iba-iba at halo-halo man ang wikang alam at sinasalita nila.

Sa Pilipinas, na isang multilingguwal na bansa at napasailalim sa iba't ibang kolonyal na bansa, hindi naging madali ang usapin ng pagpaplanong pangwika dahil nakaapekto ang mga nabanggit na katangian upang maisakatuparan ito. Kaya naman may mga akda, aklat, pananaliksik at iba pang mga akademikong usapan ang nabuo upang mas matalakay, mahimay, at masuri ang kalagayan ng pagpaplanong pangwika sa bansa, at gayundin, makapaglatag ng mga rekomendasyong naaangkop sa kalagayang pangwika ng Pilipinas. Mahalaga na mabasa, maunawaan, at masuri ang mga ito upang magkaroon ng mas malinaw na landasin ang pagpaplanong pangwika sa bansa at makita ang naging kalakasan at kahinaan nito. Gayundin, mainam na maisakonteksto ito sa kalagayang pangwika ng bansa upang mas magkaroon ng maayos

na bisyon sa kung paano mamamateryalisa ang mga ideya at hakbang na ginagawa ng iba't ibang sektor at maisakatuparan ang mga ito.

Isa sa mga akdang may kinalaman sa usapin ng pagpaplanong pangwika sa Pilipinas ay ang ang akda ni Pamela pinamagatang **"**Wika Bilang Kasangkapang Panlipunan: Wikang Pambansa Tungo sa Pangkaisipan at Pang-ekonomikong Kaunlaran". Ito ay nailathala sa aklat na *Mga Piling Diskurso sa Wika at Lipunan*, kung saan isa siya sa mga nagsilbing editor nito (kasama si Monico M. Atienza) na una namang nailathala noong 1996 at nagkaroon ng ikalawang paglimbag noong 2016 at inilathala ng University of the Philippines Press. Ang aklat na ito ay naglalaman ng kalipunan ng mga sanaysay (25 na sanaysay) na isinulat ng iba't ibang eksperto mula sa iba't ibang larang gaya ng lingguwistika, sosyolingguwistika, pilosopiya, kasaysayan, panitikan, wika, siyensiyang pampulitika, at ekonomiks (Constantino at Atienza, 1996). Sinasalamin ng kanilang mga sanaysay ang kahalagang ng wika, partikular ng wikang pambansa sa pag-usbog at paghubog ng mga nasabing larangan. Sa pamamagitan ng mga sanaysay na ito, lumilitaw sa aklat ang malaki at makabuluhang ugnayan ng wika at lipunan.

Matatagpuan ang sanaysay na ito sa unang kabanata ng aklat – Wika, Ideolohiya, at mga Institusyon Panlipunan. Tinalakay rito kung paano nagiging mahalagang kasangkapang panlipunan at instrumento sa pag-unlad ang wika, maging ang mga elementong panlipunan na kinakailangan sa pagkakaroon ng ekonomikong pag-unlad: ang literasi at nasyonalismo. Nagbahagi ng iba't ibang kaisipan at pananaw si Constantino kung bakit at paanong ang wikang pambansa ang pinakamainam na kasangkapan para sa pag-unlad ng bansa.

Layunin ng Pananaliksik

Mula sa mga nabanggit na rasyonale, layunin ng pananaliksik na ito na masagot ang sumusunod na tanong:

1. Anong pangkabuoang kaisipan at rekomendasyon hinggil sa pagpaplanong pangwika ang inilatag ni Pamela Constantino sa kaniyang akdang *"Wika bilang Kasangkapang Panlipunan: Wikang Pambansa tungo sa Pangkaisipan at Pang-ekonomikong Kaunlaran"* (1996)?;
2. Ano ang naging pagsusuri at interpretasyon ng mananaliksik sa pangkabuoang kaisipan at rekomendasyong ito?; at
3. Paano naiuugnay ang pangkabuoang kaisipan at rekomendasyong ito sa aktuwal na pamamahalang pangwika (gaya ng pagsasabatas, paglalabas ng mga memorandum at kautusan) noong 1996 kung kailan nailathala ang akda?.

METODOLOHIYA

Upang matugunan ang mga tanong ng pananaliksik na ito, sinuri ng mananaliksik ang akdang *"Wika bilang Kasangkapang Panlipunan: Wikang Pambansa tungo sa Pangkaisipan at Pang-ekonomikong Kaunlaran"* ni Pamela Constantino na nailathala noong 1996 sa aklat na *Mga Piling Diskurso sa Wika at Lipunan* (Constantino at Atienza) sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga kaisipang inilatag ng may-akda na pumapatungkol

o may kaugnayan sa usaping pagpaplanong pangwika sa bansa. Gayundin, sinipat ng mananaliksik ang inilatag na rekomendasyon ng may-akda upang matugunan ang mga isyu at sitwasyong pangwika na tinalakay sa akda.

Sa pag-uugnay naman nito sa naging pamamahalang pangwika sa Pilipinas noong panahon kung kailan nailathala ang akda (1996), isinaalang-alang ng mananaliksik ang document analysis sa pamamagitan ng pagsipat at pagsusuri sa mga umiral at naipatupad na batas, memorandum, at/o kautusan na may kinalaman sa pamamahalang pangwika sa bansa noong 1996.

RESULTA AT PAGTALAKAY

Matapos ang pagsusuri sa akdang *"Wika bilang Kasangkapang Panlipunan: Wikang Pambansa tungo sa Pangkaisipan at Pang-ekonomikong Kaunlaran"* ni Pamela Constantino na nailathala noong 1996, lumitaw ang pangkabuoang kaisipan at rekomendasyon ng may-akda hinggil sa pagpaplanong pangwika:

Pangkabuoang Kaisipan ni Pamela Constantino hinggil sa Pagpaplano at Pamamahalang Pangwika sa Pilipinas at ang kaniyang mga Rekomendasyon

Sa sanaysay na ito, pinagtibay ni Constantino ang kaniyang posisyon hinggil sa importansya ng wikang pambansa. Aniya, hindi dapat ito binabalewala at hindi dapat tignan lamang na isang simpleng simbolo kundi dapat na mas tignan ang dimensyong ang wikang pambansa ay kasangkapan sa kalayaan, pagkakaisa, at pag-unlad ng kaisipan ng mamamayan, sa kabilang ng pagkakaroon ng Pilipinas ng higit sa isang wika (makikita sa p. 68 ng akda).

Kung gayon, bago pa man ang kongklusyon ay nakapaghain na siya ng ilang rekomendasyon kaugnay sa ilang mga kaisipan at pananaw na nailatag niya sa kaniyang sanaysay. Isa na rito ang paggamit ng wikang pambansa hindi lamang bilang simbolo, kundi dapat maging wika rin ito ng edukasyon, batas, gobyerno, korte, mass media, atbp. (p. 66). Nabanggit din niyang posible ito kung magkakaroon lamang ng *political will* ang gobyerno – isang gobyernong namamahala para sa kapakanan ng tao, at hindi pansariling interes lamang (makikita sa p. 66 ng akda).

Isa pang tinitingnan ay ang naging katayuan ng bansang Japan at ang kanilang pagiging monoligguwal. Nirekomenda niya na pag-aralan ang naging nasyonalismo ng bansang ito, at kung bakit sa kabila ng kanilang pagiging monolingguwal ay maituturing na isang maunlad ang kanilang bansa (makikita sa p. 67 ng akda).

Pagsusuri at Interpretasyon ng Mananaliksik

Matibay, hayag, at tuwiran ang posisyon ni Constantino hinggil sa kahalagahan ng pagkakaroon ng wikang pambansa para sa pagtamo ng maunlad na Pilipinas. Malinaw ring ang binabanggit niya rito na wikang pambansa ay hindi wikang Espanyol at lalong

hindi wikang Ingles, kundi wikang katutubo. Malaki ang naging impluwensiya ng mga eksperto gaya ng sosyolohista at sosyolingguwistika upang mabuo ang kaisipan niyang ito, gayundin ang madikit na epekto ng pananakop sa Pilipinas ng dalawang malalakas na bansa. Sa panahon pa lamang na ito, may pagdidiin na sa kapangyarihan ng wikang katutubo bilang wikang pambansa.

Ang mga sitwasyong nailatag sa akda ay nagpapatunay na madikit ang kapit ng impluwensiyang banyaga sa bansa, na ultimo pati ang pagpaplano para sa kapakanan ng bansa ay nakasalig pa rin sa mga pulitikal at banyagang interes. Hindi mabubura sa mga nailatag na sitwasyong ito ang ideya na sa kabila ng pagsusumikap ng ilang mga Pilipinong magkaroon ng “sariling” identidad sa pamamagitan ng paggamit ng wikang katutubo bilang wikang pambansa, ay nahahaluan pa rin ng kontrobersiya at eksternal na puwersa ang usaping pangwika sa bansa sa panahong iyon.

Karagdagan, makikitang ang lipunan, kasama ang iba’t ibang aspekto nito ay makabuluhan sa paglaganap ng wika. Mas matatamo at pangkaisipan at pang-ekonomikong pag-unlad kung magkakaroon ng isang wikang nauunawaan ng lahat. Ika nga niya, hindi ito wika ng banyaga, kundi ito ay wikang pambansa (makikita sa p. 65 ng akda).

Gayundin, masusuri ang mariing pagtataguyod niya sa wikang pambansa bilang mahalagang kasangkapan sa pag-unlad ng bansa. Kung susumahin, ang itinuturing na wikang pambansa ay wikang katutubo na lubos na nauunawaan ng mga Pilipino at mas makatutulong upang matamo ang hangarin ng kaunlaran, hindi lamang sa ekonomikong aspekto, kundi higit sa aspektong pangkaisipan.

Pamamahalang Pangwika noong Taon kung Kailan Nailathala ang Akda (1996)

Dahil nailathala noong 1996 ang akdang ito na sinuri, sinipat at sinuri ng mananaliksik ang mga umiiral at ipinatutupad na batas noong 1996 na may kaugnayan o nakatuon sa usapin ng pamamahalang pangwika sa Pilipinas.

Sa taong ito, umiiral at sinusunod ang mga batas na nabanggit sa 1987 Konstitusyon (partikular ang Artikulo XIV Seksyon 6-7) na nagsasabing ang wikang pambansa ng Pilipinas ay Filipino, at ito rin ang magsisilbing wikang opisyal ng bansa kasabay ng Ingles, kasabay ng paggamit din sa mga rehiyunal na wika bilang pantulong na midyum sa pagtuturo. Gayundin, umiiral din noong panahon na ito ang Executive Order No. 335 (1988), at Republic Act No. 7104 (1991) na nakatuon sa wikang pambansa at wikang panturo. Bukod dito, nagtakda ng komisyong mangangalaga sa kultura at sining ng Pilipinas, kung saan saklaw rin ang pambansang wika at mga katutubong wika sa bansa, at ang paglalaan ng pondo rito. Ito ay ayon sa Republic Act No. 7356, s. 1992 o *An Act Creating The National Commission For Culture and the Arts, Establishing a National Endowment Fund for Culture and the Arts, and for other Purposes*. Ayon sa probisyon ng Seksyon 5 ng batas na ito, sinasabing ang komisyon ay kinakailangang magpatupad ng mga patakarang na nagpapakita ng malalim na respeto sa kultural na identidad ng bawat lokalidad, rehiyon, at etnolingguwistikong lokalidad. Kung gayon,

masasalamin sa batas na ito ang pagpapahalaga sa mga umiiral na etnolingguwistikong komunidad na magiging susi naman sa pagpapanatili at pagpapayabong nito. Sa sektor ng edukasyon naman, patakarang bilingguwal ang sinusunod sa taong ito, alinsunod sa DECS Order No. 52, s. 1987. Sa mababang antas ay sinusunod pa rin sa taong ito ang DepEd Order No. 11, s. 1989. Sa kabilang banda, sa mataas na antas ng edukasyon naman ay naitakda ang Republic Act No. 7722 o *Higher Education Act of 1994*. Ito naman ay ang batas na bumubuo sa Komisyon sa Mas Mataas na Edukasyon (Commission on Higher Education o CHED) na mangunguna sa mga gawaing may kinalaman sa tersiyaryang edukasyon. Hiwalay ito sa Department of Education, Culture and Sports (na ngayon ay Department of Education) ngunit saklaw ng CHED ang pampubliko at pampribadong mga institusyong pang-tersiyarya. Batay sa probisyon ng batas na ito ay pinagtibay naman ang bagong *General Education Curriculum (GEC)* sa bisa ng CHED Memorandum No. 59, s. 1996. Naglalaman ang kurikulum na ito ng siyam (9) na yunit ng Filipino at anim (6) nay unit naman ng Panitikan. Katulad ng sa mababang antas ng edukasyon (elementarya at sekondarya), patakarang bilingguwal din ang sinunod sa pag-iimplement ng kurikulim na ito. Bukod dito, noong 1994 naman ay naisabatas ang Republic Act No. 7796, s. 1994 o *An Act Creating the Technical Education and Skills Development Authority, Providing For its Powers, Structure and for Other Purposes* na nagtatakda sa TESDA bilang tagapanguna sa pagpapalaganap ng teknikal at bokasyonal na edukasyon sa Pilipinas.

Bagama’t walang tiyak na patakarang pangwika sa nasabing batas, sa pag-unawa sa mga probisyon nito, masasalaming may mahalagang gampanin ang wika upang maiimplementa nang husto ang nasabing batas. Dahil teknikal at bokasyonal na edukasyon ang layunin nito, mas binibigyang-halaga ang mga teknikal na kasanayan ng mag-aaral, na siyang magagamit sa pagtatrabaho sa loob o labas man ng bansa. Gayunpaman, may pangangailangan pa rin sa paggamit ng wika bilang instrumento sa sa pagtamo ng kasanayang ito lalo na’t ang ganitong klase ng trabaho, bukod sa pangangailangang pisikal, ay nangangailangan din ng kakayahan sa pakikipagtalastasan. Kung gayon, dapat ituro sa mga mag-aaral ang wikang angkop sa pangangailangan ng industriyang kanilang papasukin. Layunin ng batas na itong ihanda rin ang mga mag-aaral para sa trabaho sa ibang bansa, kaya hindi maiaalis ang paggamit ng wikang Ingles (at iba pang wika na kakailanganin nila sa pagtatrabaho) bilang midyum ng pagtuturo sa nasabing programa.

Kongklusyon

1. Malinaw sa akda na ito ang pangkabuoang kaisipan ni Pamela Constantino hinggil sa pagpaplanong pangwika. Ang wikang Filipino, ayon sa tindig ng may-akda, ay hindi lamang wika isang simbolo ng pagkakakilanlan ng mga Pilipino kundi maaari ring magamit sa pambansang kaunlaran inirekomenda niyang magamit ang wikang ito sa iba’t ibang sektor ng lipunan;
2. May malalim na pagpapahalaga ang may-akda sa wikang Filipino, partikular sa mga wikang katutubo na magamit din ito hindi lamang sa mga maliliit na oportunidad sa lipunan kundi maging sa malalaking usaping.

3. Kung iuugnay ang mga batas na ito sa mga kaisipang nailathala sa akdang sinuri, makikita ang pagpapatuloy ni Constantino sa kaniyang adhikain na paigtingin ang paggamit ng wikang pambansa. Bagamat may tiyak na batas nang nagtatakda sa Filipino bilang wikang pambansa, hindi pa rin maitatanggi ang paglutang ng Ingles lalo na sa kurikulum at bilang wikang panturo. Kaya naman masigasig pa ri niyang inilaban ang kaisipang dapat na payabungin ang wikang pambansa at hindi lamang dapat ito tingnan na isang simbolo kundi dapat na makita rin ito na isang kasangkapan para sa pagkamit ng pagkakaisa, kalayaan, at pag-unlad. Bukod dito, masasalamin din ang pagsisikap ng pamahalaan na magpatupad ng mga batas na mag-aangat ng wika at kulturang Pilipino, na isa rin sa mga adbokasiya niya sa kaniyang unang publikasyon. Iyon lamang, hindi na rin maialis, lalo na sa sistema ng edukasyon, pormal man o teknikal na edukasyon, ang pagsaalang-alang sa Ingles dahil nakikita itong wika ng ekonomikal na pag-unlad, na siya namang pinabulaanan niya at idiniing kaya ng Filipino na maging wika ng pag-unlad kung susuportahan lamang ng pamahalaan.

Rekomendasyon

1. Magkaroon pa ng ilang pag-aaral at pagsusuri sa iba pang mga akda na pumapaksa sa pagpaplanong pangwika sa Pilipinas upang malaman ang kaisipan ng may-akda na maaaring makatulong sa kasalukuyang sitwasyong pangwika sa bansa.
2. Mas paigtingin ang paggamit ng wikang Filipino at mga katutubong wika hindi lamang sa sektor ng edukasyon kundi maging sa iba pang sektor upang mas maipakita ang kapakinabangan at kapangyarihan nito.
3. Bumuo ng mga programa, batas, at kautusan na makatutulong sa mga mag-aaral at mamamayan na makita ang kahalagahan ng paggamit sa wikang Filipino sa iba’t ibang kontekstong panlipunan.

Pagsunod sa Pamantayang Etikal

Sinunod ng mananaliksik ang pamantayang etikal sa pagsagawa ng pananaliksik na ito. Ang akdang sinuri ay bahagi ng isang aklat na nailathala noong 1996 at maaaring mabasa ng publiko at ang mga batas/memorandum/kautusang sinuri naman ay mababasa sa mga pampubliko at lehitimong *website*. Ito rin ay hindi nagkaroon ng taong kalahok at nakatuon lamang sa pagsusuri ng akda at mga dokumento.

REFERENCES

Constantino, P. C. (1996). Wika Bilang Kasangkapang Panlipunan: Wikang Pambansa Tungo sa Pangkaisipan at Pang-ekonomikong Kaunlaran. In P. Constantino & M. Atienza (Eds.), Mga piling diskurso sa wika at lipunan (pp. 61-68). University of the Philippines Press.

Constantino, P. C., & Atienza, M. M. (Eds.). (1996). Mga piling diskurso sa wika at lipunan. University of the Philippines Press.

Cooper, R. L. (1989). Language planning and social change. Cambridge University Press.

DECS Order No. 52. The 1987 Policy on Bilingual Education (1987). https://www.deped.gov.ph/1987/05/21/do-52-s-1987-the-1987-policy-on-bilingual-education/

DepEd Order No. 11. Implementation of the New Secondary Education Curriculum under the 1989 Secondary Development Program (1989). https://www.deped.gov.ph/1989/02/20/do-11-s-1989-implementation-of-the-new-secondary-education-curriculum-under-the-1989-secondary-development-program-amended-by-do-32-s-1991-corrigendum-to-decs-order-no-11-s-1989-implementa/

Executive Order No. 335. Enjoining All Departments/ Bureaus/ Offices/ Instrumentalities of the Government to take such steps as are necessary for the purpose of using Filipino Language in Official Transactions, Communications, and Correspondence (1988). https://elibrary.judiciary.gov.ph/thebookshelf/showdocs/5/6368

Haugen, E. (1983). The implementation of corpus planning: Theory and practice. In J. Cobarrubias & J. A. Fishman (Eds.), Progress in language planning: International perspectives (pp. 269–290). Mouton.

Hornberger, N. H. (2006). Frameworks and models in language policy and planning. In An introduction to language policy: Theory and method (p. 26). Blackwell Publishing.

Republic Act No. 7356. An Act Creating The National Commission For Culture And The Arts, Establishing a National Endowment Fund For Culture And The Arts, And For Other Purposes (1992). https://elibrary.judiciary.gov.ph/thebookshelf/showdocs/2/3186

Republic Act No. 7722. Higher Education Act of 1994. https://elibrary.judiciary.gov.ph/thebookshelf/showdocs/2/2333

Republic Act No. 7796. Technical Education and Skills Development (1994). https://lawphil.net/statutes/repacts/ra1994/ra_7796_1994.html

Rubin, J., & Jernudd, B. H. (1971). Introduction: Language planning as an element in modernization. In J. Rubin & B. H. Jernudd (Eds.), Can language be planned? Sociolinguistic theory and practice for developing nations. The University Press of Hawaii.

APA Citation:

Torres, M. R. (2026). PAGSUSURI SA AKDANG 'WIKA BILANG KASANGKAPANG PANLIPUNAN: WIKANG PAMBANSA TUNGO SA PANGKAISIPAN AT PANG-EKONOMIKONG KAUNLARAN' NI PAMELA CONSTANTINO AT PAG-UUGNAY NG KAISIPAN NITO SA PAMAMAHALANG PANGWIKA SA PILIPINAS. Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research, 4(11), 926–933. https://doi.org/10.5281/zenodo.24278987

marjorieromerotorres15@gmail.com